



22110225



PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 1
PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1
FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1

Wednesday 11 May 2011 (morning)
Mercredi 11 mai 2011 (matin)
Miércoles 11 de mayo de 2011 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento.

Sumulat ng komentaryo sa alinmang isa sa dalawang sumusunod:

1.

Magaspang ang mga pader ng karamihan sa mga bahay dito sa Kalye Kamantigue, katulad ng gaspang ng mga salita at tikas na lumilibot sa subdibisyon. Kapag pinagmamasdan ko ang pader, ang kisame, ang pinto, ang bintana ng silid na aming tinutuluyan, naihalintulad ko iyon sa malungkot na tasang plastik na natatalupan na ng kintab. Nais ko ng espasyong
5 napapalibutan ng mga libro't halaman, ng simpleng kasangkapan, ng katahimikan. Ngunit umuuwi ako sa isang silid, sa isang bahay, na estranghero ako sa sarili kong espasyo.

Kapag umuuwi ako sa silid na iyon, magdaraan ang sinasakyan kong *jeep* sa isang *squatters area*, makikita kong pumapara sa sasakyan ang mga batang naninilaw ang buhok, bundat ang tiyan; sabay-sabay na naglalakad ang mga kabataang pormang istambay.
10 Makikita ko ang mga kabataang ito na naninigarilyo sa mga kurba ng daan, na waring mga modelo ng sigarilyo o *softdrinks*. Paglampas ng kumpol ng mga barungbarong ay madaraan ang mga magagarang bahay, na may mga malalawak na *lawn* na may *bermuda grass*. Pumapasok sa garahe o umuurong doon ang mga magagarang modelo ng kotse kagaya ng *Ford Expedition*, *Mercedez Benz* o *BMW*. At maririnig kong ikinukwento ng isang katabi,
15 madalas daw mag-*shooting* dito ang *cast* at *crew* ng tampok na *soap opera*. At idaragdag ng isa pa na ang karamihan sa mga *homeowners* ay nagtatrabaho sa *Customs*, at sasabihin naman ng katabi na "oo nga", nakita niya na minsang lumabas sa bahay na iyon ang mismong batang-batang aktres. Kay kinis pala talaga ng balat! Sasabit sa *jeep* ang mga lalaking trabahador, sikyo at atchoy. Amoy sigarilyo ang kanilang mga kamiseta. Plastado ng
20 pomada ang kanilang mga buhok. Bitbit nila ang mga bag nilang kanbas na naglalaman ng mga *tools*. At suot nila'y imitasyon ng mamahaling *rubber shoes*. Lalagpas ang *jeep* sa *gate* ng *exclusive* na subdibisyon at tataluntunin nito ang tulay. Mababa lang ito. Kapag tuloy-tuloy ang buhos ng ulan, natatabunan ang tulay na ito ng tubig. Pagkaraan ng bagyo, pangkaraniwan nang makita ang mga lumulutang na bola ng basketbol, tsinelas, *styroform*, patay na aso o baboy at
25 iba-ibang kulay ng plastik. Ngunit kung kalmado ang panahon at maaraw, humihilera sa gilid ng tulay ang mga kabataang lalake na sumisisid sa ilog. Sa kabilang dulo ng tulay ay isa na namang kumpol ng mga dampa. Ngunit ang itsura ng mga bahay-bahay dito ay hindi na kasing rusing ng unang nadaanan. Maraming *beerhouse* na may sari-saring mga pangalan na nagpapahiwatig ng paraiso, libog at magagandang mga dilag. Mga *hardware store*, mga *bakery* at bilyaran,
30 punerarya at paanakan. Pasingit-singit ang mga bahay-bahay na mga *video slot machine*, *dancing pad*, karaoke, *retail outlet* ng balut, itlog, pabango, tela, klinika, atbp. Madalas na may nakaparadang *police patrol* sa tapat ng Muslim *settlement*, na balitang lugar ng droga at saksakan, kaya't laging nag-aantabay ang mga pulis sa nagkakagulo doon.

Sa dulo ng biyaheng ito, may palengke. Sasakay ako sa *pedicab* sa tapat ng maliit na *grocery*
35 na katabi ng isang gotohan. Liliko ang *pedicab* sa kanan, madaraan ang talipapa. Lawlaw ang mga 50-watt na mga bumbilya sa talipapang ito, animo'y pinaglalamayan ng mga pata ng baboy at panga ng isda. May mga anim na pasilyo sa talipapa, at buhay na buhay ang kalakal dito sa mga oras ng pag-uwi ng mga tao, palibhasa'y maraming maybahay ang dumaraan dito para makapamilya ng maihapunan; hayun at makikita silang nagkukumpulan at bumibili ng bangus, tuyo,
40 daing at munggo. Daraan ang *pedicab* sa mga eskinita. Dikit-dikit na ang mga bahay dito at ang bawat dighay at hingal ay alam ng kapitbahay. Tawid nang tawid ang mga paslit na hubo't hubad habol ng mga inang may dalang pamalo. Kakabahan ka sa mga sigang dumaraan na may mga *tattoo*, korteng V ang pormasyon ng mga masel nila sa likod, praktisado ang mabagal at hambog na paglalakad.

45 Nagsusulputan sa tumbong sa eskinita ang mga bahay na tila naliligaw sa lugar na iyon, mga bahay na may tatlo hanggang limang palapag, makikinis ang mga pader, malayo pa lang parang naamoy pa rin ang bagong pahid na pinta, may mga *decorative tiles* at maririkit na *grills*. Ito ang mga bahay ng mga asawa ng mga *seaman*, DH¹ o Japayuki². May mga *washing machine* na naka-*display* sa tabi ng kanilang mga pinto, mga karaoke't videoke, at masisilip mo ang
50 lagablab ng tv habang naglalaro ng *playstation* ang mga bata.

Ilang metro na lang at makauwi na ako. Malayo pa lang ako'y tila nararamdaman na ng aking anak ang aking pag-uwi. Sabik itong sasalubong sa akin sa tarangkahan, habang kinukutkot ang aking bag para sa pasalubong.

Araw-araw ay umaalis at umuwi ako rito, ngunit gabi-gabi ay humihimlay ang aking
55 kaluluwa sa bahay ng aking bungang-tulog.

Luna Sicat-Cleto, *Makinilyang Altar* (2002)

¹ DH: *overseas domestic helper*

² Japayuki: mga babaeng Pilipinong nagtatrabaho sa Japan bilang *cultural dancers/entertainers*

2.

Bilog

Sa gawing ito ng Cervantes,
Sa tuktok ng bundok na biniyak ng kakaibang
Init ng panahon, hindi lang ang nagluluksang
Buwang ang bilog; bilog din ang umalsang leeg
5 Ng mga katutubo, parang kakambal na ulo
Ng mga ulo nilang kakalog-kalog sa pagkain
Parati ng mga lamanlupang bilog,
Mula nang malason ang ilog
At kumalat ang tigdas sa mga batang
10 Bilog ang tiyan at bilog ang mga matang
Parang araw na mahuhulog mula sa bilog-bilog
Na ulap ng lugmok nilang pag-asa.
Nagluwa ang ilog ng mga higanteng batong bilog,
Na tila pinanahanan ng mga lamog na espiritu,
15 Nagmamakaawa para iligtas ang mga tuyong bukid,
Na hindi nakapagligtas sa isang magsasakang
Tumalon sa bangin at nagpalamon
Sa bilog na bunganga ng lupang namimintog
Sa paghihiganti dahil sa pagtigpas sa mga puno
20 Ng mga dayuhang may bilog na handog
Kapalit ang mga luntiang aning bilog.
Bilog ang awit ng kamatayan araw-gabi
Sa Cervantes, isang tuldok, isang bilog
Na limot, nagbabakasakaling duraan
25 Ng kahit ilang bilog na butil ng ulan.

Rebecca T Añonuevo, *Bago ang Babae* (1996)